Securities and Exchange Commission
PHILIPPINES

# ADVISORY

## BABALA LABAN SA PAGPAPAGAMIT NG PERSONAL NA FINANCIAL ACCOUNT O PAGIGING "MONEY MULE"

Pinag-iingat ang publiko at sinumang indibidwal o kompanyang may rehistradong bank account, e-wallet tulad ng GCash at Maya, online financial platform tulad ng Palawan Express, at iba pang uri ng financial account, na huwag ipaalam, ipasa, iparenta o ipagamit sa ibang tao o kompanya ang kanilang personal na financial account.

Ang mga indibidwal o kompanya na may ganitong financial account ay maaaring magamit bilang **"money mule"** ng mga sindikatong gumagawa ng iba't-ibang uri ng financial scams, gaya ng:

- Advance fee loan scams;
- Ponzi schemes;
- Money laundering activities; at
- Iba pang ilegal na aktibidad upang mag-alok ng investment.

Pinapaalalahanan ang publiko na ang pagiging "money mule," o taong nagpapagamit ng kanyang bank account, e-wallet, o online financial platform upang tumanggap o magpadala ng perang nagmula sa ilegal na gawain o financial scam ay labag sa batas, **alinsunod sa Republic Act No. 12010,** o ang tinaguriang **Anti-Financial Account Scamming Act (AFASA),** na isinabatas noong Hulyo 2024.

Pinapayuhan ng Securities and Exchange Commission (SEC) ang publiko na maging mapanuri, mapagmatyag at umiwas sa mga ganitong klase ng modus operandi. Ang sinumang mahuling **"money mule"** ay maaaring maharap sa civil at criminal na kaso na may parusang **pagkakakulong** na maaaring umabot hanggang **labing apat (14) na taon** at **multa hanggang limang milyong piso (Php5,000,000.00)**.

Para sa mga naging biktima at nais ireport ang ganitong modus, makipag-ugnayan sa SEC Enforcement and Investor Protection Department gamit ang email na epd@sec.gov.ph.

Hinihikayat din ang publiko na i-download ang SEC Check App mula sa Google Play Store para sa Android devices o sa iOS App Store para sa Apple devices upang matiyak kung lehitimo ang isang investment.

Maaari ding bisitahin ang SEC website sa www.sec.gov.ph, o mga opisyal na social media account sa linktr.ee/secphilippines.

21 May 2025.